



---

# Protektahan ang Iyong Pamilya mula sa Lead sa Iyong Tahanan

---



United States  
Environmental  
Protection Agency



United States  
Consumer Product  
Safety Commission



United States  
Department of Housing  
and Urban Development

## Ikaw Ba ay Nagpa-plano na Bumili o Mag-arkila ng isang Bahay na Tinayo Bago ang Taong 1978?

---

Alam mo ba na maraming mga tirahan na tinayo bago ang taong 1978 ay may **“lead-based” na pintura**? Lead mula sa pintura, “chips”, at alikabok ay maaaring magdulot ng malulubhang mga peligro sa kalusugan.

### Basahin ang buong “brochure” para matutunan kung:

- Paano nakakapasok ang lead sa katawan
- Paano nakaka-apekto ang lead sa kalusugan
- Ano ang magagawa mo para protektahan ang pamilya mo
- Saan makakapunta para sa karagdagang impormasyon

### Bago umupa o bumili ng isang bahay o “apartment” na tinayo bago ang taong 1978, hinihiling sa ilalim ng batas pederal na:

- Kailangang ipahiwatig ng mga nagbebenta ang alam nilang impormasyon sa “lead-based” na pintura o mga peligro ng “lead-based” na pintura bago magbenta ng isang bahay.
- Kailangang kasama sa mga kontrata ng “real estate” ang tiyak na pahayag ng pagbibigay babala tungkol sa “lead-based” na pintura. Ang mga bumibili ay mayroong hanggang 10 araw para tiyakin kung may lead o wala.
- Kailangang ipahiwatig ng mga kasero ang alam nilang impormasyon sa “lead-based” na pintura o mga peligro ng “lead-based” na pintura bago magkabisa o mag-umpisa ang pag-aarkila. Kailangang kasama sa kontrata ng pangungupahan ang tiyak na pahayag ng pagbibigay babala tungkol sa “lead-based” na pintura.

### Kung nagpapagawa ng mga “renovation, repair, or painting” (RRP) na mga proyekto sa iyong bahay o “apartment” bago ang taong 1978:

- Basahin ang “pamphlet” ng EPA *The Lead-Safe Certified Guide to Renovate Right*, para matutunan ang mga pamamalakad sa trabaho na ligtas sa lead na hinihiling mula sa mga kontratista na sundin kapag nagtatrabaho sa iyong bahay (basahin ang pahina 12).



## Mga Simpleng Hakbang Para Protektahan ang Iyong Pamilya laban sa Mga Peligro ng Lead

### Kung sa palagay mo na ang iyong bahay ay may “lead-based” na pintura:

- Huwag subukan na ikaw mismo ang mag-alis ng “lead-based” na pintura.
- Parating panatilihin na nasa maayos na kondisyon ang mga patungan para mabawasan ang pagkasira ng mga ito.
- Patingnan ang iyong tahanan para sa mga peligro ng lead. Humanap ng “certified inspector” o “risk-assessor” sa [epa.gov/lead](http://epa.gov/lead).
- Kausapin ang kasero mo tungkol sa pag-ayos ng mga pang-ibabaw na natutuklap o naalis ang pintura.
- Regular na linisin ang mga sahig, mga pasimano ng bintana, at iba pang mga pang-ibabaw.
- Mag-ingat para maiwasan na ma-“expose” sa alikabok ng lead kapag may “remodeling.”
- Kapag nag-kukumpuni o nagbabago, nag-aayos, o nagpipintura, kumuha lang ng naaprubahan ng EPA o ng estado na “Lead-Safe certified renovation firm.”
- Bago bumili, umarkila, o mag-“renovate” ng bahay mo, patingnan ito kung may “lead-based” na pintura.
- Makipagkonsulta sa iyong “health care provider” tungkol sa pagsusuri sa iyong mga anak para sa lead. Maaaring tingnan ng iyong “pediatrician” kung may lead sa pamamagitan ng isang simpleng pagsusuri.
- Hugasan ng madalas ang mga kamay ng mga bata, mga bote, “pacifier,” at laruan.
- Siguraduhin na ang mga bata ay masustansya ang mga kinakain, mababa sa “fat” na pagkain, mataas sa “iron, calcium,” at “vitamin C.”
- Alisin ang mga sapatos o punasan para maalis ang lupa sa sapatos bago pumasok sa iyong bahay.

# Ang Lead ay Nakakapasok sa Katawan sa Maraming Mga Paraan

---

## Ang mga adulto at bata ay maaaring magkaroon ng lead sa kanilang katawan kung sila ay:

- Nakakahinga ng alikabok na may lead (lalo na kapag may mga aktibidad tulad ng mga pagkukumpuni o pagbabago, pag-aayos, o pagpipintura na nakaka-istorbo sa mga may pinturang pang-ibabaw).
- Makalunok ng alikabok na may lead na dumapo sa pagkain, mga pang-ibabaw na pinaghahandaan ng pagkain, at iba pang mga lugar.
- Nakakain ng mga “paint chips” o lupa na may lead.

## Ang lead ay lalong mapanganib sa mga mas bata sa 6 na taong gulang.

- Sa ganitong edad, ang mga utak at sistemang nerbiyos ng mga bata ay may sensitibo sa nakakapinsalang mga epekto ng lead.
- Ang lumalaking katawan ng mga bata ay mas maraming nasisipsip na lead.
- Ang mga sanggol at bata ay madalas na inilalagay ang kanilang kamay at iba pang mga bagay sa loob ng kanilang bibig. Ang mga bagay na ito ay maaaring may alikabok ng lead.



## Dapat malaman ng mga kababaihan na puwedeng magbuntis na ang lead ay mas mapanganib sa isang lumalaking “fetus.”

- Ang mga kababaihan na may mataas na “level” ng lead sa kanilang sistema bago o habang buntis ay nanganganib na malantad ang “fetus” sa lead sa pamamagitan ng “placenta” habang lumalaki ang “fetus.”


## Mga Epekto ng Lead sa Kalusugan

### Ang lead ay nakaka-apekto sa katawan sa maraming mga paraan.

Mahalagang alamin na kahit na ang paglantad sa mabababang “level” ng lead ay lubos na makakapinsala sa mga bata.

### Sa mga bata, ang paglantad sa lead ay maaaring magdulot ng:

- Ang sistemang nerbiyos at pinsala sa atay
- Ang mga kapansanan sa pag-aaral, “attention deficit disorder,” at huminang katalinuhan (“intelligence”)
- Mga problema sa pananalita, wika, at pag-uugali
- Mahinang koordinasyon ng kalamnan
- Huminang kalamnan at paglaki ng buto
- Pinsala sa pandinig



Habang pinaka-karaniwan ang “low lead exposure,” ang paglantad sa matataas na bilang ng lead ay maaaring magdulot ng nakakapinsalang epekto sa mga bata, kasama na ang mga “seizure,” kawalan ng malay, at sa ilang mga kaso, kamatayan.

Kahit na ang mga bata ay lalong madaling malantad sa lead, ang lead ay maaaring mapanganib rin sa mga adulto.

### Sa mga adulto, ang paglantad sa lead ay maaaring magdulot ng:

- Pinsala sa pag-“develop” ng “fetus”
- Mataas na posibilidad ng “high blood pressure” habang buntis
- Mga problema sa pagaanak (sa mga lalaki at babae)
- Mataas na presyon ng dugo
- Mga problema sa pagtunaw ng kinain
- Mga sakit sa nerbiyos
- Mga problema sa memorya at konsentrasyon
- Pananakit sa kalamnan at “joint”

## Tiyakin kung Mayroong May Lead sa Iyong Pamilya

---

**Pasuri ang iyong mga anak at ang iyong tahanan kung sa palagay mo na may lead ang bahay mo.**

Ang mga “level” ng lead sa dugo ng mga bata ay may gawi na tumaas bigla mula 6 hanggang 12 buwan, at gawi na sobrang taas sa 18 hanggang 24 buwan.

Konsultahin ang iyong doktor para kumuha ng payo sa pagsusuri ng iyong mga anak. Ang isang simpleng “blood test” ay maaaring makatuklas kung may lead. Ang mga “blood test” ay karaniwang inirerekumenda para sa:

- Mga bata sa edad na 1 at 2 taong gulang
- Ang mga bata o iba pang mga miyembro ng pamilya na nalantad sa mataas na “level” ng lead
- Ang mga bata na dapat suriin sa ilalim ng “health screening plan” ng iyong estado o panlokal

**Maaaring maipaliwanag ng iyong doktor kung ano ang mga kahulugan ng mga resulta ng pagsusuri at kung kakailanganin ang mas maraming pagsusuri.**

## Saan Natatagpuan ang “Lead-Based” na Pintura

---

Sa pangkalahatan, mas luma ang bahay o pasilidad sa “child care” mo, mas malaki ang posibilidad na ito ay may “lead-based” na pintura.<sup>1</sup>

**Maraming mga bahay, kasama na ang pribado, tinutulungan ng pederal, pagmamay-arang pederal na pabahay, at mga pasilidad sa “child care” na tinayo bago ang 1978 ay may “lead-based” na pintura.** Noong 1978, ipinagbawal ng pederal na gobyerno ang paggamit ng “consumer” ng pintura na may lead.<sup>2</sup>

Alamin kung paano malaman kung ang pintura ay “lead-based” na pintura sa pahina 7.

### Ang lead ay matatagpuan:

- Sa mga bahay at pasilidad sa “child care” sa lungsod, bansa, o mga kanugnog,
- Sa pribado at pampublikong “single-family” na tirahan at “apartment,”
- Sa mga pang-ibabaw sa loob at labas ng bahay, at
- Sa lupain na pumapalibot sa tirahan. (Ang lupain ay maaaring magkaroon ng lead mula sa pintura sa labasan o iba pang mga pinagkukuhanan, tulad ng dating paggamit ng “leaded” na gasolina sa mga kotse).

Lubos pang matutunan kung saan natatagpuan ang lead sa [epa.gov/lead](http://epa.gov/lead).

---

<sup>1</sup> Ang “Lead-based” na pintura ay kasalukuyang tinutukoy ng pederal na gobyerno bilang pintura na may “lead levels” na mas mataas o katumbas ng 1.0 “milligram” kada “square centimeter” (mg/cm<sup>2</sup>), o higit sa 0.5% ng timbang.

<sup>2</sup> Ang “naglalaman ng lead na pintura” ay kasalukuyang tinutukoy ng pederal na gobyerno bilang lead sa bagong tuyong pintura na higit sa 90 “parts per million” (ppm) ayon sa timbang.

## Ang pagkikilala sa “Lead-Based” na Pintura at Mga Peligro ng “Lead-Based” na Pintura

---

**Ang nasirang “lead-based” na pintura (pagtutuklap, “chipping,” “chalking,” “cracking,” o napinsala na pintura)** ay isang panganib at kailangang asikasuhin kaagad. Ang **“lead-based” na pintura** ay maaaring isang peligro rin kapag natagpuan sa mga pang-ibabaw na maaaring kagatin ng mga bata o madaling masira, tulad ng:

- Mga bintana at pasimano ng bintana
- Mga pintuan at “frame” ng pintuan
- Mga hagdan, “railing,” “banister,” at balkonahe

**Ang “lead-based” na pintura ay karaniwang hindi isang peligro kung nasa mabuting kondisyon at kung wala ito sa isang pang-ibabaw na madalas matamaan o madikitan tulad ng bintana.**

Ang alikabok na may lead ay maaaring mabuo kapag ang “lead-based” na pintura ay matuklap, maliha, o mainitan. Ang alikabok ng lead ay nabubuo rin kapag ang mga napinturahang pang-ibabaw na may lead ay nagkakadikit o nagkikiskisan sa isa’t isa. Ang “paint chips” ng lead at alikabok ay maaaring umabot sa mga pang-ibabaw at mga bagay na maaaring mahawakan ng mga tao. Ang dumapong alikabok ay maaaring madala ulit ng hangin kapag nag-“vacuum” o nagwalis sa bahay, o kapag dinaanan ito ng mga tao. Tinutukoy sa kasalukuyan ng EPA ang mga sumusunod na “level” ng lead na natatagpuan sa alikabok bilang mapanganib:

- 10 “micrograms” kada “square foot” ( $\mu\text{g}/\text{ft}^2$ ) at mas mataas para sa mga sahig, kasama na dito ang mga sahig na may karpeta
- 100 “ $\mu\text{g}/\text{ft}^2$ ” at mas mataas para sa loobang pasimano ng bintana

Ang lead sa lupa ay maaaring mapanganib kapag ang mga bata ay naglaro sa lupa mismo o kapag ang mga tao ay nagdala ng lupa papasok sa bahay na dala ng kanilang mga sapatos. Tinutukoy sa kasalukuyan ng EPA ang mga sumusunod na “level” ng lead na natatagpuan sa lupa bilang mapanganib:

- 400 “parts per million” (ppm) at mas mataas sa mga lugar ng laruan na may lupa mismo
- 1,200 ppm (“average”) at mas mataas sa lupain mismo sa iba pang parte ng bakuran

**Tandaan, ang lead mula sa mga “paint chips”—na makikita mo—at alikabok na may lead—na maaaring di mo makita—ay parehong maaaring mapanganib.**

Ang nag-iisang paraan para malaman kung may peligro ng lead sa pintura, alikabok o lupa ay ang pagsusuri sa mga ito. Ang susunod na pahina ay naglalarawan kung paano ito gagawin.



## Pagtitiyak Kung May Lead ang Iyong Bahay

---

Maaari mong mapasuri ang iyong bahay kung may lead ito sa iba't ibang mga paraan:

- Ang “lead-based” na **inspeksyon** sa pintura ay magsasabi sa iyo kung ang bahay mo ay may “lead-based” na pintura at kung saan ito matatagpuan. Hindi nito masasabi sa iyo kung ang bahay mo ay kasalukuyang may mga panganib sa lead. Isang “trained” at “certified” na “testing professional,” na tinatawag na “lead-based paint inspector,” ang gagawa ng inspeksyon sa pintura gamit ang mga paraan, tulad ng:
  - “Portable x-ray fluorescence (XRF) machine”
  - Pagsusuri sa laboratoryo ng mga sampol ng pintura
- Isang “**risk assessment**” ang makakapagsabi sa iyo kung ang bahay mo ay kasalukuyang may mga panganib ng lead sanhi ng pintura, alikabok, o buhanging may lead. Sasabihin rin nito kung ano ang mga gagawing kilos para matugunan ang anumang mga panganib. Isang “trained” at “certified” na “testing professional,” na tinatawag na “risk assessor” ang:
  - Kukuha ng sampol na pintura na sira na sa mga pinto, bintana, sahig, hagdan at pader
  - Kukuha ng sampol ng alikabok na malapit sa mga pang-ibabaw na may pintura at lupa mismo sa likuran
  - Kukuha ng “lab test” ng mga sampol ng pintura, alikabok, at mga lupa
- Ang kombinasyon ng inspeksyon at “risk assessment” ay magsasabi sa iyo kung ang bahay mo ay maraming “lead-based” na pintura at kung ang bahay mo ay may anumang panganib na dulot ng lead, at kung saan matatagpuan ang mga ito.



Siguraduhing basahin ang ulat na ibinigay sa iyo kapag natapos na ang inspeksyon o “risk assessment,” at magtanong tungkol sa anumang bagay na hindi mo nauunawaan.

## Pagtitiyak Kung May Lead ang Iyong Bahay, ipinagpatuloy

---

Sa paghahanda sa isang pagkukumpuni, pag-aayos, o pagpipintura sa isang bahay na tinayo bago ang taong 1978, ang “Lead-Safe Certified renovators” (basahin ang pahina 12) ay maaaring:

- Kumuha ng mga sampol ng “paint chip” para malaman kung ang “lead-based” na pintura ay makikita sa lugar na pinaplanong i-“renovate” at ipadala ang mga ito sa isang kinikilala ng EPA na “lead lab” para masuri. Sa pabahay na nakakatanggap ng pederal na tulong, ang taong nagkokolekta ng mga sampol na ito ay dapat na “certified” na “lead-based inspector” o “risk assessor”
- Gumamit ng kinikilala ng EPA na mga “test kit” para malaman kung walang “lead-based” na pintura (pero hindi sa pabahay na nakakatanggap ng pederal na tulong)
- Ipalagay na ang “lead-based” na pintura ay matatagpuan at sundin ang mga pamamalakad para sa ligtas na pagtatrabaho sa lead

May mga nakatakdang programa ng estado at pederal para matiyak na ligtas, maasahan, at mabisang magagawa ang mga pagsusuri. Makipag-ugnayan sa iyong estado o lokal na ahensya para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa [epa.gov/lead](http://epa.gov/lead), o tumawag sa **1-800-424-LEAD (5323)** para sa listahan ng mga kontak sa iyong lugar.<sup>3</sup>

---

<sup>3</sup> Ang mga indibiduwal na may kahirapan sa pandinig o pananalita ay maaaring mag-“access” sa numerong ito gamit ng TTY sa pamamagitan ng pagtawag sa Federal Relay Service sa 1-800-877-8339.

## Ano ang Magagawa Mo Ngayon para Maprotektahan ang Iyong Pamilya

---

**Kung pinaghihinalaan mo na ang bahay mo ay may mga panganib ng “lead-based” na pintura, maaari mong gawin agad ang mga hakbang na ito para mabawasan ang panganib sa iyong pamilya:**

- Kung ikaw ay nangungupahan, sabihin sa iyong kasero ang tungkol sa pagtutuklap o natatangal na pintura.
- Panatilihin malinis at walang alikabok ang mga pinturadong pang-ibabaw. Linisin ang mga sahig, mga “frame” at pasimano ng bintana, at iba pang mga pang-ibabaw linggo-linggo. Gumamit ng “mop” o “sponge” at mainit-init na tubig at isang “general all-purpose cleaner.” (Tandaan: huwag kailanman ihalo ang ammonia at mga “bleach product” dahil maaaring bumuo ito ng mapanganib na gas.)
- Maingat na linisin ang mga “paint chips” agad ng hindi nagiging sanhi ng alikabok.
- Banlawan ng mainam ang mga “sponge” at ulo ng “mop” habang nililinis ang marurumi o maalikabok na lugar, at ulitin pagkatapos.
- Hugasan ang iyong mga kamay at ang mga kamay ng anak mo ng madalas, lalo na bago sila kumain at bago ang oras ng pag-idlip at pagtulog sa gabi.
- Panatilihin malinis ang lugar kung saan naglalaro. Regular na hugasan ang mga bote, “pacifier,” laruan, at “stuffed animal.”
- Ilayo ang mga bata mula sa pagdadampi o pagnguya ng mga pasimano ng bintana o iba pang mga napinturahang pang-ibabaw, o iwasan na makakain ng lupa.
- Kapag nagkukumpuni, nag-aayos, o nagpipintura, kumuha lang nga naaprubahan ng EPA o ng estado na “Lead-Safe” na “certified renovation firm” (basahin ang pahina 12).
- Linisin o alisin ang mga sapatos bago pumasok sa iyong bahay para maiwasan ang pagpapasok ng lead na nasa lupa.
- Siguraduhin na ang mga bata ay masustansya ang mga kinakain, mababa sa “fat” na pagkain, mataas sa “iron, calcium,” tulad ng kangkong at produkto mula sa gatas. Ang mga batang may mainam sa kalusugan na diyeta ay nakaka-“absorb” ng mas kaunting lead.

## Pagbabawas sa Mga Panganib ng Lead

---

**Ang paggalaw sa mga “lead-based” na pintura o pag-alis ng lead sa maling paraan ay maaaring magpataas ng panganib sa iyong pamilya sa pamamagitan ng pagkalat ng mas maraming alikabok na may lead sa palibot ng bahay.**

- Dagdag pa sa araw-araw na paglilinis at mabuting nutrisyon, maaari mong **pansamantalang** bawasan ang panganib ng “lead-based” na pintura sa pamamagitan ng mga kilos, tulad ng pag-ayos ng nasirang pang-ibabaw na may pintura at pagtanim ng damo para matakpan ang lupa na nakontamina ng lead. Ang mga kilos na ito ay hindi permanenteng solusyon at kailangan ang patuloy na pagpapansin.
- Maaari mong mabawasan ang pagkakalantad sa lead kapag nagkukumpuni, nagaayos, o nagpipintura sa pamamagitan ng pagkuha ng isang “certified” ng EPA o ng estado na “renovator” na sanay sa pagtatrabaho na umaalinsunod sa mga pamamalakad na ligtas laban sa lead. Kung ikaw mismo ang gagawa, alamin kung paano gamitin ang mga pamamalakad sa trabaho na ligtas sa lead sa iyong bahay.
- Para permanenteng maalis ang mga peligro sa lead, kailangan mong kumuha ng “certified” na “lead abatement contractor.” Ang mga pamamaraan ng “abatement” (o permanenteng pag-alis ng peligro) ay kinabibilangan ng pag-alis, pagselyo, o pagkulong ng “lead-based” na pintura gamit ang mga espesyal na materyales. Ang pagpatong ng regular na pintura sa peligro ay hindi permanenteng pagkontrol nito.

**Parating gumamit ng “certified” na kontratista na sanay na tugunan ng ligtas ang mga panganib ng lead.**

- Kumuha ng isang “Lead-Safe Certified” na “firm” (basahin ang pahina 12) para gawin ang “renovation, repair, or painting” (RRP) na proyekto na gumugulo sa mga napinturahang pang-ibabaw.
- Para isaayos ang mga peligro sa lead, kumuha ng “certified” na “lead abatement contractor.” Titiyakin nito na alam ng kontratista mo kung paano ligtas na magtrabaho at may wastong kagamitan siya para malinis ng husto pagkatapos.

Ang mga “certified contractor” ay kukuha ng mga kuwalipikadong manggagawa at susunod sa mga mahihigpit na tuntuning pangkaligtasan tulad nang itinakda ng kanilang estado o ng pederal na gobyerno.



## Pagbabawas sa Mga Panganib ng Lead, ipinagpatuloy

---

**Kung ang bahay mo ay pinagawa para mapakaunti ang lead** o kung ang pabahay ay nakatanggap ng pederal na tulong, sa sandaling natapos na ang gagawin, ang mga aktibidad para malinis ang alikabok ay dapat gawin hangga't maipahiwatig ng "clearance testing" na ang "level" ng lead sa alikabok ay mas mababa sa mga sumusunod na "level":

- 10 "micrograms" kada "square foot" ( $\mu\text{g}/\text{ft}^2$ ) para sa mga sahig, kasama na dito ang mga sahig na may karpét
- 100  $\mu\text{g}/\text{ft}^2$  para sa loobang pasimano ng bintana
- 400  $\mu\text{g}/\text{ft}^2$  para sa mga alulod ng bintana

**Ang mga pagbabawas ay nilikha para permanenteng maalis ang mga peligro ng "lead-based" na pintura. Gayunman, ang alikabok ng lead ay maaaring bumalik muli sa isang nabawang lugar.**

- Gumamit ng "HEPA vacuum" sa lahat ng mga kasangkapan sa bahay at iba pang mga bagay na ibabalik sa lugar, para mabawasan ang posibleng muling pagpasok ng alikabok na may lead.
- Regular na linisin ang mga sahig, mga pasimano ng bintana, mga alulod, at iba pang mga matitigas na pang-ibabaw ng may basa-basang tela o "sponge" at isang "general purpose" na panglinis.

Mangyaring basahin ang pahina 9 para sa karagdagang impormasyon sa mga hakbang na magagawa mo para maprotektahan ang iyong bahay makalipas ang pagbabawas. Para makakuha ng tulong sa paghahanap ng "certified" na "lead abatement professional" sa iyong lugar, tumawag sa ahente sa iyong estado o panlokal na ahensya (basahin ang mga pahina 15 at 16), [epa.gov/lead](http://epa.gov/lead), o tumawag **1-800-424-LEAD**.

# Pagkukumpuni o pagbabago, Pagaayos o Pagpipintura ng Tirahan gamit ang “Lead-Based” na Pintura

**Kung ikaw ay kukuha ng isang kontratista para gawin ang “renovation, repair, or painting” (RRP) na proyekto sa iyong bahay o “child care” na pasilidad na natayo bago 1978 (tulad ng “pre-school” at “kindergarten”), ang kontratista mo ay dapat na:**

- Maging isang “Lead-Safe Certified firm” na naaprubahan ng EPA o ng isang programa ng estado na awtorisado ng EPA
- Gumamit ng kuwalipikado na mga “trained” na indibiduwal (“Lead-Safe Certified renovators”) na sumusunod sa mga tiyak na mga pamamalakad sa trabaho na ligtas sa lead upang maiwasan ang kontaminasyon mula sa lead
- Magbigay ng kopya ng “lead hazard information” na dokumento ng EPA, The Lead-Safe Certified Guide to Renovate Right



**Ang mga RRP kontratista na nagtatrabaho sa mga bahay at pasilidad para sa “child care” ay dapat sumunod sa mga pamamalakad sa trabaho na ligtas sa lead na:**

- **Kulungin ang lugar kung saan magtatrabaho.** Ang **lugar** ay dapat kulungin para ang alikabok at mga labi ay hindi makawala mula sa **lugar** na pinagtrabahohan. Dapat maglagay ng mga hudyat ng babala, at maglagay ng “plastic” o iba pang mga “impermeable” na materyales at “tape.”
- **Iwasan ang mga paraan ng “renovation” na lumilikha ng maraming alikabok na kontaminado ng lead.** May mga paraan na nagiging sanhi ng masyado maraming alikabok na kontaminado ng lead na ipinagbabawal ang paggamit ng mga ito. Ang mga ito ay:
  - “Open-flame burning” o “torching”
  - “Sanding,” “grinding,” “planing,” “needle gunning,” o “blasting” gamit ang “power tools” at kagamitan na walang “shroud” at “HEPA vacuum attachment”
  - Pag-gamit ng “heat gun” sa mga temperatura na mas mataas sa 1100°F
- **Linisin nang husto pagkatapos.** Ang lugar kung saan nagtatrabaho ay dapat linisin araw-araw. Kapag natapos na ang lahat ng mga trabaho, ang lugar ay dapat linisin gamit ang mga espesyal na paraan sa paglilinis.
- **Itapon ng wasto ang basura o mga labi.** Kolektahin at isara ng mabuti ang basura sa isang “heavy duty bag” o “sheeting.” Kapag inilipat, tiyakin na ang basura ay nakakulong para maiwasan ang paglabas ng alikabok at mga labi.

Upang lubos pang matutunan ang tungkol sa mga “requirement” ng EPA para sa mga proyekto ng RRP, bumisita sa [epa.gov/getleadsafe](http://epa.gov/getleadsafe), o basahin *The Lead-Safe Certified Guide to Renovate Right*.

## Iba Pang mga Napagkukuhanan ng Lead

---

### Lead sa Iniinom na Tubig

Ang mga pangkaraniwang napagkukuhanan ng lead sa iniinom na tubig ay mga tubo, mga gripo, at “fixture” na lead.

Ang mga tubo ng lead ay marahil na matatagpuan sa mas lumang lungsod at mga bahay na itinayo bago ang taong 1986.

Hindi mo maaamoy o malalasaan ang lead sa iniinom na tubig.

Para matiyak kung may lead ang iyong iniinom na tubig, pasuriin ang iyong tubig.

Tandaan na ang mas lumang bahay na may pribadong balon ay maaaring may materyal rin na may lead.

### Mahahalagang Hakbang na Magagawa mo Para Mabawasan ang Lead sa Iniinom na Tubig

- Gumamit lang ng malamig na tubig sa pag-inom, pagluto at paghanda ng “baby formula.” Tandaan, ang pagpapakulo ng tubig ay hindi nag-aalis ng lead sa tubig.
- Bago uminom, bombahin ng tubig ang mga tubo ng iyong tirahan sa pamamagitan ng pagbukas ng gripo, pag-“shower,” paglaba, o paghugas ng maraming mga plato o pinggan.
- Regular na linisin ang “screen” ng iyong gripo (kilala rin na aerator).
- Kung gagamit ka ng “filter” na “certified” na nakakaalis ng lead, huwag kalimutang basahin ang mga direksyon para malaman kung kailan dapat palitan ang “cartridge.” Ang paggamit ng “filter” makalipas itong mag-“expire” ay hindi mabisa sa pag-alis ng lead.

Makipag-ugnayan sa kompanya ng tubig para malaman kung ang tubo na nagkokonekta sa bahay mo papunta sa “water main” (na tinatawag na “service line”) ay gawa sa lead. Ang kompanya ng tubig sa iyong lugar ay makakapagbigay rin ng impormasyon tungkol sa mga “lead level” sa iniinom na tubig sa iyong sistema.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa lead sa iniinom na tubig, mangyari lang makipag-ugnayan sa Safe Drinking Water Hotline ng EPA sa 1-800-426-4791. Kung may iba ka pang mga tanong tungkol sa pag-iiwas na malason ng lead, tumawag sa **1-800 424-LEAD**.\*

Tumawag sa iyong lokal na “health department” o kompanya ng tubig para malaman ang tungkol sa pagsusuri ng iyong tubig, o bumisita sa [epa.gov/safewater](http://epa.gov/safewater) para sa impormasyon ng EPA tungkol sa lead sa iniinom na tubig. May mga estado o “utility” na naghahandog ng mga programa para mabayaran ang pagsusuri sa tubig para sa mga residente. Makipag-ugnayan sa iyong estado o lokal na kompanya ng tubig para lubos pang matuto.

---

\* Ang mga indibiduwal na may kahirapan sa pandinig o pananalita ay maaaring maka-“access” sa numerong ito na gamit ng TTY sa pamamagitan ng pagtawag sa Federal Relay Service sa 1-800-877-8339.

## Iba Pang Mapagkukuhanan ng Lead, ipinapatuloy

---

- Ang **“Lead smelters”** o iba pang mga industriya ay nagpapalabas ng lead sa hangin.
- **Ang trabaho mo.** Kung nagtatrabaho ka na may kinalaman sa lead, maaari mo itong madala sa bahay dahil madidikit ito sa iyong katawan o mga damit. Mag-“shower” at magpalit ng dami bago umuwi. Labahan ang iyong mga damit pantrabaho na hiwalay sa iba mo pang mga gamit o damit ng mga kapamilya mo.
- Ang **mga “hobby”** na gumagamit ng lead, tulad ng “pottery” o “stained glass,” o “refinishing furniture.” Tumawag sa iyong lokal na departamento ng kalusugan para sa impormasyon tungkol sa mga “hobby” na maaaring gumamit ng lead.
- Ang mga lumang **laruan** at **kasangkapan sa bahay** ay maaaring napinturahan ng may lead na pintura. Ang mas lumang mga laruan at iba pang mga produktong pambata ay maaaring may mga parte na naglalaman ng lead.<sup>4</sup>
- Ang mga pagkain at “liquid” na niluto o nakatabi sa **“lead crystal”** o **“lead-glazed pottery”** o **“porcelain”** ay maaaring may lead.
- Ang mga katutubong remedyo, tulad ng **“greta”** at **“azarcon,”** na ginagamit para gamutin ang hindi maayos na tiyan.

---

<sup>4</sup> Noong 1978, ipinagbawal ng pederal na gobyerno ang mga laruan, iba pang mga produkto, at kasangkapan sa bahay na may pinturang may lead. Noong taong 2008, ipinagbawal ng pederal na gobyerno ang lead sa karamihan ng mga produktong pambata. Kasalukuyang ipinagbabawal ng pederal na gobyerno ang lead na higit sa 100 “ppm” sa timbang sa karamihan ng mga produktong pambata.



## Para sa Karagdagang Impormasyon

---

### **The National Lead Information Center**

Alamin kung paano protektahan ang mga bata mula sa pagkakalason sa lead at makakakuha ng dagdag na impormasyon tungkol sa mga peligro ng lead sa Web sa [epa.gov/lead](http://epa.gov/lead) at [hud.gov/lead](http://hud.gov/lead), o tumawag sa **1-800-424-LEAD (5323)**.

### **Safe Drinking Water Hotline ng EPA**

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa lead sa iniinom na tubig, tumawag sa **1-800-426-4791**, o bumisita sa [epa.gov/safewater](http://epa.gov/safewater) para sa impormasyon tungkol sa lead sa iniinom na tubig.

### **Consumer Product Safety Commission (CPSC) Hotline**

Para sa impormasyon tungkol sa lead sa mga laruan at iba pang mga produkto ng “consumer,” o para mag-ulat ng isang di ligtas na produkto ng “consumer” o pinsala na may kaugnayan sa produkto, tumawag sa **1-800-638-2772**, o bumisita sa CPSC’s web sa [cpsc.gov](http://cpsc.gov) o [saferproducts.gov](http://saferproducts.gov).

### **Pang-estado at Lokal na Health at Environmental na Ahensya**

Ang ilang mga estado, tribe, at lungsod ay may sari-sariling mga tuntunin na may kaugnayan sa “lead-based” na pintura. Tingnan sa iyong lokal na ahensya para makita kung aling mga batas ang naaangkop para sa iyo. Ang karamihan sa mga ahensya ay nagbibigay rin ng impormasyon sa paghahanap ng “lead abatement firm” sa iyong lugar, at sa mga posibleng mapagkukuhanan ng pinansiyal na tulong para mabawasan ang mga panganib ng lead. Makakatanggap ng “up-to-date” na impormasyon ng “address” at telepono para sa mga kontak sa iyong estado o lokal sa Web sa [epa.gov/lead](http://epa.gov/lead), o makipag-ugnayan sa National Lead Information Center at **1-800-424-LEAD**.

Ang mga indibiduwal na may kahirapan sa pandinig o pananalita ay maaaring mag-“access” ng alinman sa mga numero ng telepono sa brochure na ito gamit ng TTY sa pamamagitan ng pagtawag sa libreng toll na numerong Federal Relay Service sa **1-800-877-8339**.

## U. S. Environmental Protection Agency (EPA) Regional Offices

---

Ang misyon ng EPA ay protektahan ang kalusugan ng tao at ang kapaligiran. Ang iyong Regional EPA Ofc ay makakapagbigay ng karagdagang impormasyon hinggil sa mga regulasyon at mga programa para sa proteksyon laban sa lead.

**Region 1** (Connecticut, Massachusetts, Maine, New Hampshire, Rhode Island, Vermont)

Regional Lead Contact  
U.S. EPA Region 1  
5 Post Office Square, Suite 100, OES 05-4  
Boston, MA 02109-3912  
(888) 372-7341

**Region 2** (New Jersey, New York, Puerto Rico, Virgin Islands)

Regional Lead Contact  
U.S. EPA Region 2  
2890 Woodbridge Avenue  
Building 205, Mail Stop 225  
Edison, NJ 08837-3679  
(732) 906-6809

**Region 3** (Delaware, Maryland, Pennsylvania, Virginia, DC, West Virginia)

Regional Lead Contact  
U.S. EPA Region 3  
1650 Arch Street  
Philadelphia, PA 19103  
(215) 814-2088

**Region 4** (Alabama, Florida, Georgia, Kentucky, Mississippi, North Carolina, South Carolina, Tennessee)

Regional Lead Contact  
U.S. EPA Region 4  
AFC Tower, 12th Floor, Air, Pesticides & Toxics  
61 Forsyth Street, SW  
Atlanta, GA 30303  
(404) 562-8998

**Region 5** (Illinois, Indiana, Michigan, Minnesota, Ohio, Wisconsin)

Regional Lead Contact  
U.S. EPA Region 5 (LL-17J)  
77 West Jackson Boulevard  
Chicago, IL 60604-3666  
(312) 353-3808

**Region 6** (Arkansas, Louisiana, New Mexico, Oklahoma, Texas, and 66 Tribes)

Regional Lead Contact  
U.S. EPA Region 6  
1445 Ross Avenue, 12th Floor  
Dallas, TX 75202-2733  
(214) 665-2704

**Region 7** (Iowa, Kansas, Missouri, Nebraska)

Regional Lead Contact  
U.S. EPA Region 7  
11201 Renner Blvd.  
Lenexa, KS 66219  
(800) 223-0425

**Region 8** (Colorado, Montana, North Dakota, South Dakota, Utah, Wyoming)

Regional Lead Contact  
U.S. EPA Region 8  
1595 Wynkoop St.  
Denver, CO 80202  
(303) 312-6966

**Region 9** (Arizona, California, Hawaii, Nevada)

Regional Lead Contact  
U.S. EPA Region 9 (CMD-4-2)  
75 Hawthorne Street  
San Francisco, CA 94105  
(415) 947-4280

**Region 10** (Alaska, Idaho, Oregon, Washington)

Regional Lead Contact  
U.S. EPA Region 10 (20-C04)  
Air and Toxics Enforcement Section  
1200 Sixth Avenue, Suite 155  
Seattle, WA 98101  
(206) 553-1200

## Consumer Product Safety Commission (CPSC)

---

Pinoprotektahan ng CPSC ang publiko laban sa hindi makatuwirang panganib mula sa mga “consumer product” sa pamamagitan ng edukasyon, mga aktibidad para sa pamantayang pangkaligtasan, at pagpapatupad nito. Makipag-ugnayan sa CPSC para sa karagdagang impormasyon hinggil sa kaligtasan ng produkto para sa “consumer” at mga regulasyon.

### CPSC

4330 East West Highway  
Bethesda, MD 20814-4421  
1-800-638-2772  
[cpsc.gov](http://cpsc.gov) o [saferproducts.gov](http://saferproducts.gov)

## U. S. Department of Housing and Urban Development (HUD)

---

Ang misyon ng HUD ay lumikha ng malakas, “sustainable,” at isinasama ang lahat ng mga komunidad at abot-kayang mga tahanan para sa lahat. Makipag-ugnayan sa Office of Lead Hazard Control and Healthy Homes para sa karagdagang impormasyon hinggil sa Lead Safe Housing Rule, na nagpoprotekta sa mga pamilya na nasa “assisted housing” na tinayo bago ang taong 1978, at para sa “lead hazard control” at mga “research grant program.”

### HUD

451 Seventh Street, SW, Room 8236  
Washington, DC 20410-3000  
(202) 402-7698  
[hud.gov/lead](http://hud.gov/lead)

---

Ang dokumentong ito ay isang pampublikong “domain.” Maaari itong gawin ng isang indibiduwal o organisasyon ng walang pahintulot. Ang impormasyong ipinagkaloob sa libritong ito ay batay sa kasalukuyang “scientific” at “technical” na pagkakaunawa sa mga isyung ipinakita at sumasalamin sa “jurisdictional boundary” na naitatag ng mga kautusan na namamahala sa mga “co-authorizing” na ahensya. Ang pagsunod sa payong ibinigay ay hindi nangangahulugan na mabibigyan ng kumpletong proteksyon sa lahat ng mga situwasyon o laban sa mga peligro sa kalusugan na maaaring sanhi ng “lead exposure.”

---

U. S. EPA Washington DC 20460  
U. S. CPSC Bethesda MD 20814  
U. S. HUD Washington DC 20410

EPA-747-K-12-001  
Marso 2021

# MAHALAGA!

## **Lead Mula sa Pintura, Alikabok, at Lupain sa loob at sa Palibot ng Iyong Tahanan ay Maaaring Mapanganib kung Hindi Mapamahalaan ng Maayos**

- Ang mga mas bata sa 6 na taong gulang ay pinakananganganib sa “lead poisoning” sa iyong tahanan.
- Ang “lead exposure” ay maaaring makasama sa mga bata at sanggol kahit bago pa sila maipanganak.
- Ang mga bahay, paaralan, at pasilidad para sa “child care” na itinayo bago ang taong 1978 ay marahil na may “lead-based” na pintura.
- Kahit na ang mga batang tila malulusog ay maaaring may nakakapinsalang “level” ng lead sa kanilang mga katawan.
- Ang pagkasira ng mga pang-ibabaw na may “lead-based” na pintura o ang pag-alis ng “lead-based” na pintura sa hindi maayos na paraan ay makakapagpataas ng panganib para sa iyong pamilya.
- Maaaring makapasok ang lead sa kanilang mga katawan sa pamamagitan ng paghinga o paglunok ng alikabok na may lead, o sa pamamagitan ng pagkain ng lupa o “paint chips” na may lead.
- Maraming mga opsyon ang mga tao para mabawasan ang mga panganib ng lead. Karaniwan, ang “lead-based” na pintura na nasa mabuting kondisyon ay hindi mapanganib (basahin ang pahina 10).